

Balita

Ottawa, Marso 21, 2013

Mga Trabaho, Paglago ng Ekonomiya, at Pangmatagalang Kaginghawahan ang Nangungunang Priyoridad ng Canada 2013 Economic Action Plan

Inilabas ngayon ni Honourable Jim Flaherty, Minister of Finance, ang Canada 2013 Economic Action Plan na siyang susunod na hakbang sa plano ng Pamahalaan ni Harper para sa mga trabaho, paglago ng ekonomiya, at pangmatagalang kaginghawahan. Habang patuloy na lubos na nagtutuon ng pansin ang Pamahalaan sa pagbalanse ng budget sa Parliament na ito, ang isa sa mga sisimulan ng Economic Action Plan ay ang malakas at makabagong inisyatibo sa skills training, ang pinakamalaki at pinakamahabang pederal na plano sa imprastruktura sa kasaysayan ng Canada, at mga makabuluhang bagong investment sa pagsuporta ng manufacturing at inobasyon sa Canada.

Ayon kay Minister Flaherty, “Ang ekonomiya ng Canada ay patuloy na gumagawa ng mga trabaho at patuloy na dumaranas ng kaunting paglago, pero malaki pa rin ang mga panganib na ating hinaharap sa labas ng ating bansa, lalo na sa euro at sa Estados Unidos na siyang ating pinakamalaking trading partner.” “Ang 2013 Economic Action Plan ay base sa matatag na pundasyon na itinatag sa mga nakaraang taon upang makakuha ang Canadians ng mga trabaho, makapagbigay ng pangmatagalang mahuhulaang pagpopondo para sa imprastruktura, at makagawa ng mga makabuluhang investment sa manufacturing at research na kinakailangan.”

Sa kasalukuyang nanganganib at hindi siguradong ekonomiya ng mundo, ang Canada 2013 Economic Action Plan ay nagtutuon ng pansin sa mga inisyatibo na magpapahusay sa kalidad ng buhay para sa mga indibidwal, pamilya, at seniors sa Canada, at para sa mga kondisyon para sa negosyo.

Canada Job Grant

Sa kasalukuyan, ang training sa Canada ay hindi sapat na tumutugma sa skills na kinakailangan ng mga tagapag-empleyo o sa mga trabaho na talagang makukuha. Dahil dito, mas mataas ang unemployment at mas mabagal ang paglago ng ekonomiya kaysa sa dapat asahan ng Canadians. Ang pagtugma ng mga pangangailangan ng mga tagapag-empleyo sa training na nakukuha ng Canadians ay ang susi sa pagpapahusay sa sitwasyon na ito. Ito ang dahilan kung bakit ang Pamahalaan ay gumagawa ng mga malakas at inobatibong hakbang at kung bakit nito sinisimulan ang bagong Canada Job Grant.

Babaguhin ng Canada Job Grant ang paraan ng pagkuha ng Canadians ng training. Ang Canada Job Grant ay maaaring magbigay ng \$15,000 o higit pa para sa bawat tao upang



masigurado na nakukuha ng Canadians ang skills na hinahanap ng mga tagapag-empleyo. Hanggang sa \$5,000 ang ibibigay ng pederal na pamahalaan, at ang halagang iyon ay tutugmain ng probinsiya/teritoryo at ng tagapag-empleyo.

Ngayon, kukunin na ng Canada Job Grant mula sa pamahalaan ang mga mapipiling skills training nang mailagay ito sa mga kamay ng tagapag-empleyo at sa Canadians na nais magtrabaho. Ang mga naghahanap ng trabaho ay kukuha ng training sa mga community college, career colleges, polytechnics o union training halls, bilang ilang mga halimbawa. Ang Canada Job Grant ay magbebenepisyo sa libu-libong Canadians. Ang kasalukuyang Labour Market Agreements sa mga probinsiya at mga teritoryo ay magtatapos sa 2014. Ang Pamahalaan ng Canada ay makikipagkasundo sa mga bagong Agreement na nagtutuon ng pansin sa Canada Job Grant.

Isang Bagong Building Canada Plan

Ang Pamahalaan ay nagbibigay ng pangmatagalan at mahuhulaang pagpopondo para sa imprastruktura sa pamamagitan ng isang bagong Building Canada plan upang gumawa ng mga bagong kalye, mga tulay, pampublikong transportasyon, at iba pang pampublikong imprastruktura. Ang mga bagong pamumuhunan ay magtutuon ng pansin sa mga proyekto na magpapahusay sa paglago ng ekonomiya at ang mga ito'y dinisenyo upang magamit ang mga makabagong paraan, tulad ng public-private partnerships (P3s).

Ang bagong Building Canada plan ay ang pinakamalaki at pinakamatagal na federal investment sa mga pangprobinsiya, pangteritoryo, at pangmunisipal na proyekto sa imprastruktura sa kasaysayan ng Canada—mahigit sa \$53 bilyon na investments, kabilang ang mahigit sa \$47 bilyon na bagong pagpopondo para sa 10 taon, simula sa 2014–2015. Ang pagpopondong ito ay ibibigay sa pamamagitan ng tatlong mahalagang pondo:

- Ang **Community Improvement Fund**, na binubuo ng Gas Tax Fund at incremental Goods and Services Tax Rebate for Municipalities ay magbibigay ng mahigit sa \$32 bilyon sa municipalities para sa mga proyekto tulad ng mga kalye, pampublikong transportasyon at mga pasilidad na panlibangan, at iba pang mga imprastruktura para sa komunidad. Ang mga pagbabayad sa Gas Tax Fund ay tataas nang 2 porsiyento o \$100 milyon bawat taon simula sa 2014–2015.
- Ang bagong **Building Canada Fund** ay magbibigay ng \$14 bilyon upang suportahan ang mga malalaking proyekto sa ekonomiya para sa bansa, rehiyon, at lokal na lugar sa buong bansa.
- Ang binagong **P3 Canada Fund** ay magbibigay ng \$1.25 bilyon upang patuloy na magsuporta sa mga inobatibong paraan upang mas mabilis na magtatag ng mga proyekto sa imprastruktura at magbigay ng mas mahusay na halaga para sa Canadian taxpayers sa pamamagitan ng public-private partnership.

May karagdagang \$6 bilyon na ibibigay sa mga probinsiya, teritoryo, at municipality sa ilalim ng kasalukuyang programa sa imprastruktura sa 2014–2015 at darating na panahon. Bukod pa rito, ang Pamahalaan ay gagawa ng malalaking investment sa imprastruktura ng First Nations at sa assets ng pederal na imprastruktura. Ang pangkalahatang

pagpopondo sa pederal na imprastruktura ay magkakahalaga ng \$70 bilyon sa darating na 10 taon. Masisigurado nito na ang pampublikong imprastruktura ng Canada ay world-class at makagagawa ng mga trabaho, paglago sa ekonomiya, at produktibidad para sa mga darating na taon.

Pagtulong sa mga Negosyo sa Canada upang Ang mga Ito’y Magtagumpay at Lumikha ng mga Trabaho

Ang Pamahalaan ay magbibigay ng \$1.4 bilyon tax relief sa mga manufacturer at processor sa pamamagitan ng dalawang-taong extension ng pansamantalang accelerated capital cost allowance para sa mga bagong investment sa makinarya at equipment. Ang tax relief ay magpapahintulot sa mga negosyo sa manufacturing at processing sector na pabilisin at gumawa ng karagdagang investment sa makinarya at equipment, upang gawing mas mahusay ang kanilang mga pagpapalakad ng negosyo.

Nag-iinvest din ang pamahalaan ng:

- \$225 milyon upang mag-expand at mag-extend ng pansamantalang Hiring Credit for Small Business para sa isang taon bilang pagkilala ng mahalagang tungkulin na ginaganap ng mga maliliit na negosyo bilang tagalikha ng trabaho sa ekonomiya ng Canada.
- \$110 milyon sa darating na limang taon upang dagdagan ang suporta para sa mga may-ari ng maliliit na negosyo, mga magsasaka at mangingisda sa pamamagitan ng pagtaas ng Lifetime Capital Gains Exemption upang gawin itong \$800,000 sa 2014 at pag-index ng bagong limit sa inflation.
- \$60 milyon sa darating na limang taon upang tulungan ang mahuhusay at may malaking potensyal na incubator at accelerator organizations upang palawakin ang kanilang mga serbisyo sa mga entrepreneur upang makapagsimula at lumago ang mga bagong kompanya.

Bukod pa rito, ang 2013 Economic Action Plan ay nagsimula ng hakbang upang tulungan ang manufacturing sector na magtagumpay sa pangmundong ekonomiya, sa pagbigay nito ng \$920 milyon sa darating na limang taon upang i-renew ang Federal Economic Development Agency for Southern Ontario, at kinumpirma nito ang halos \$1 bilyon na matatag na pagpopondo sa darating na limang taon para sa permanenteng Strategic Aerospace and Defence Initiative, at pag-invest ng \$92 milyon sa darating na dalawang taon simula sa 2014–2015 bilang patuloy na suporta para sa forestry innovation at pagdibelop ng market.

Ang Canada 2013 Economic Action Plan ay isang sinadyang low-tax plan upang kontrolahin ang paggastos at patuloy na panatilihin ang Pamahalaan sa daan patungo sa pagbalanse ng budget pagdating sa 2015. Sa katotohanan, ang planong ito ay naglalaman ng pinakamaliit na pagtaas sa discretionary spending sa halos 20 taon.

“Sa mga hindi nakakasigurong ekonomiya ng mundo, ang pinakamahalagang kontribusyon na magagawa ng pamahalaan upang itaguyod ang kompiyansa at paglago ng ekonomiya sa isang bansa ay ang mintinahin ang matatag na posisyon ng ekonomiya, at ito ang dahilan kung bakit napakahalaga ang pagbalanse ng budget pagdating sa 2015,” sabi ni Minister Flaherty. “Sa Canada 2013 Economic Action Plan, patuloy kaming nagtutuon ng pansin sa mga bagay na mahalaga para sa Canadians—mga trabaho at paglago ng ekonomiya, at pagsigurado na ang kahusayan ng ekonomiya ng Canada ay mauuwi sa pangmatagalang kayamanan para sa darating na panahon.”

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring kontakin ng media si:

Kathleen Perchaluk
Press Secretary
Office of the Minister of Finance
613-996-7861

Jack Aubry
Media Relations
Department of Finance
613-996-8080

Upang matanggap ang e-mail ukol sa lahat ng news release, mangyaring magregister sa www.fin.gc.ca/scripts/register-eng.asp.